
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa




14 Hulyo 2024 | Ika-15 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

# PAGPAPALA, HINDI SUMPA, KUNDI SA DIYOS LAMANG MANANALIG

*Ipinaaalaala sa atin ngayon na ang Simbahan ay likas na may katangiang misyonero. Sa mula't mula, isinugo ng Panginoon ang kanyang mga alagad para mangaral ng Ebanghelyo, magpaalis ng masasamang espiritu, at kumalinga sa mga mahihina at maysakit.*

*Napakalaki nitong tungkuling malamang na tanggihan at tutulan. Ngunit di ito dapat maging dahilan para manghina ang ating kalooban, kundi dapat pa ngang magpasigla para tayo magsikap, habang nananalig lamang sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos at ng Kanyang Salita. Ang kahinaan ng Krus ay higit na makapangyarihan kaysa sa anumang kayamanan sa daigdig.*

*Tandaan natin ito ngayong nagsisimula tayo sa pagdiriwang ng Eukaristiya, at ialay natin ito lalung-lalo na para sa mga nasa larangan ng kani-kanilang misyon.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Akong iyong pinatawad sa iyo'y makahaharap nang mukha mo ay mamalas. Sa piling mo'y magagalak pag liwanag mo'y sumikat.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Panginoong Hesus, ikaw ang propetang isinugo ng Ama tungo sa pagbabalik-loob ng tanan. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, isinugo mo ang iyong mga alagad para mangaral ng Mabuting Balita sa sanlibutan. Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, panawagan mo'y manalig ang lahat sa kapangyarihan lamang ng iyong salita at biyaya. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, nililiwanagan ng iyong maaasahang ilaw ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan. Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat sa ngalang Kristiyanong sa iyo'y tinanggap upang ito ay talagang mapangatawanang ganap sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Amos 7:12-15*
*Si Amos, na isang dating pastol na taga-Tekoa sa Juda, ay naharap sa gulo sa Hilagang Kaharian na pinagpadalhan sa kanya ng Panginoon. Dahil sa kanyang katapatan sa ibinigay sa kanyang misyon, siya'y ipinagtabuyan gaya ng isinasaad sa pagbasa ngayon.*

*L*– Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Amos

**Noong mga araw na iyon, hinarap ni Amasias, ang saserdote sa Betel, si Amos, "Bulaan kang propeta! Magbalik ka na sa Juda; doon ka maghanapbuhay sa pamamagitan ng iyong panghuhula. Huwag ka nang manghuhula rito sa Betel. Narito ang pambansang templo at dito sumasamba ang hari."**


**Sumagot si Amos, "Hindi ako propeta – hindi ko ito hanapbuhay. Ako'y pastol at nagaalaga rin ng mga punong-igos. Ngunit inialis ako ng Panginoon sa gawaing iyon at inutusang magsalita para sa kanya, sa mga taga-Israel."**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 84*

***B* – *Pag-ibig mo'y ipakita, iligtas kami sa dusa!***

*R. M. Velez*




*** Aking naririnig magmula sa Poon ang sinasalita; sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa, kung mangagsisisi at di na babalik sa gawang masama. Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas, sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap. *B.***

*** Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad, ang kapayapaan at ang katwira'y magsasamang ganap. Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat, at ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas. *B.***

*** Gagawing maunlad ng Panginoong Diyos itong ating buhay, ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam; sa harapan niya yaong maghahari'y pawang katarungan, magiging payapa't susunod ang madla sa kanyang daan. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Ef 1:3-14*
*Sa anyo ng isang maikling panalangin, ipinahahayag ni San Pablong lahat ng pagpapala ay nagmumula sa Diyos Ama, nakasentro kay Hesukristo, at natutupad sa Espiritu Santo.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

**Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.**

**At sa atin ngang pakikipagisang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!**

**Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan. Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin! Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran upang lubos nating maunawaan ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon. Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa. At dahil kay Kristo, kami'y naging bayan ng Diyos na nagsagawa ng lahat ng bagay ayon sa kanyang panukala at kalooban. Nangyari ito nang kami'y hirangin niya noon pang una – kaming mga unang umasa kay Kristo – sa lalong ikadadakila niya.**

**Kayo ma'y naging bayan ng Diyos nang kayo'y manalig sa kanya matapos ninyong marinig ang salita ng katotohanan – ang Mabuting Balita na nagdudulot ng kaligtasan. Kaya't ipinagkaloob sa inyo ang Espiritu Santong ipinangako ng Diyos bilang tatak ng pagkahirang sa inyo. Ang Espiritu ang katibayan ng mga pangako ng Diyos sa ating mga hinirang hanggang kamtan natin ang lubos na kaligtasan. Purihin natin ang kanyang kadakilaan!**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Ef 1:17-18*

*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**D'yos Ama ni Hesukristo, kami ay liwanagan mo at tutugon kami sa 'yo.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mc 6:7-13*
*Ang mga alagad ay dapat mamuhay nang malayo sa mga materiyal na ari-arian at may kahandaang dumanas ng pagtatakwil gaya ng kanilang Panginoon.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, tinawag ni Hesus ang Labindalawa, at sinugong daladalawa. Binigyan niya sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu at pinagbilinan: "Sa inyong paglalakbay, huwag kayong magdala ng anuman, maliban sa tungkod. Ni pagkain, balutan, salapi sa inyong lukbutan o bihisan, ay huwag kayong magdala. Ngunit magsuot kayo ng panyapak." Sinabi rin niya sa kanila, "At sa alinmang tahanang inyong tuluyan – manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon. Kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang dako, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok ng inyong mga paa, bilang babala sa mga tagaroon."**

**Kaya't humayo ang Labindalawa at nangaral sa mga tao na pagsisihan nila at talikdan ang kanilang mga kasalanan. Pinalayas nila ang maraming demonyo sa mga inaalihan nito; pinahiran nila ng langis at pinagaling ang maraming maysakit.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Bilang tanda ng kanyang pagmamahal at malasakit sa sangkatauhan, patuloy si Hesus sa pananawagan sa gawaing apostolado sa ating lahat Ipanalangin natin ang lahat ng nagpapalaganap ng kaniyang misyon at ang mga nakikinabang sa kanilang magandang gawain. Manalangin tayo:

***B* –Hari ng mga apostol, dinggin mo kami!**

* Para sa buong pamayanang Kristiyano: Nawa'y manatili itong tapat sa misyon nitong mangaral ng pagbabalik-loob at labanan ang lahat ng kasamaan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga tumtanggap ng mensahe ng kaligtasan: Nawa'y buksan nila ang kanilang mga kalooban sa Panginoon at tumulad sa kanyang halimbawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga natutuksong umasa sa mga yamang materiyal, karangalan o kapangyarihang pulitikal sa halip ng sa mga pagpapahalagang moral: Nawa'y lagi nilang alalahaning iniligtas ni Hesus ang sanlibutan sa pamamagitan ng sakripisyo niya sa krus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga naatasang maglingkod sa misyon sa ibang bansa: Nawa'y agad silang makatugon nang buong puso. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng misyonerong tinatanggihan: Nawa'y huwag silang panghinaan ng loob, kundi magalak silang matulad kay Hesus na di tinanggap at sa halip ay pinahirapan. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y lahat ng tumatanggap ng Sakramento ng Pagpapahid ng Langis, kasama ng kanilang mga mahal sa buhay, ay makapagkamit ng kapangyarihan ng Panginoon at maging tanda nawa sila ng habag at pag-asa para sa lahat. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** –Panginoong Hesukristo, Alagad ng Ama, gawin mo kaming matapang at banal upang maipalaganap namin ang iyong Kaharian sa aming lipunan. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpasa walang hanggan.

***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*–** **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sumasamong Sambayanan at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan ang iyong kabanalan sa mga nananalig na tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*–** **Amen!**

### Prepasyo I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!

***B*** –**At sumaiyo rin!**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo, Panginoong**

**Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG



***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Mga mayang nagpupugad sa templo mo'y nagagalak. Panginoon, silang lahat sa piling mo bawat oras ay talagang mapapalad.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal ay makatatanggap nawa ng bungang karagdagan ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

## PAGWAWAKAS



***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
– Iadya nawa kayo ng makapangyarihang Diyos sa lahat ng masama at ipaunawa sa inyong lagi ang Kanyang mapagligtas na karunungan.
***B* –Amen!**

***P* –**Tibayan nawa Niya ang inyong pananalig sa mga patunay ng Kanyang pagmamahal, upang magsikap kayo sa inyong mabubuting gawa.
***B*– Amen!**

***P* –**Gabayan nawa Niya kayo tungo sa Kanya at turuan kayong manunton sa kawanggawa at kapayapaan.
***B*– Amen!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan at maging mga propeta ng Panginoon sa inyong pang-araw-araw na buhay.
***B* –Salamat sa Diyos!**

## PAGDATING NG PANAHON

*Kalakbay at Katoto*

"**Honor, onus**" … Sa kawikaang Latin, ang isang posisyong marangal ay may kaakibat na pasanin. Si Amos, na hinirang na propeta, ay isang halimbawa ng kung ano ang naghihintay sa isang taong may angking tungkuling iniatang sa balikat. Dahil sa inggit, si Amos ay ipinagtabuyan sa lupain ng Juda. Hindi lang iyon, pinagbawalan rin siyang magwika sa ngalan ng Diyos.

**Tila isang sumpa ang saad ng unang pagbasa**.

Subali't sa ikalawang pagbasa, hindi sumpa kundi biyaya ang nilalaman ng liham ni Pablo. Matimyas na papuri ang kanyang awit sa harap ng lahat ng uri ng pagpapalang espiritwal na tinanggap natin sa pamamagitan ni Kristo. Mahaba ang listahan ni Pablo. Di malirip. Di mabilang. Nag-uumapaw ang puso ni Pablo sa pagkilala sa dakilang habag at awa ng Poong Maykapal sa pamamagitan ni Kristong Kanyang Anak. Ang buod ng lahat ng pagpapalang ito ay ang pagkahirang sa kanila . . . ang pagkapili upang maging tagapagmana ng luwalhating dulot Niya sa atin.

**Dakilang pagpapala ang awit ni Pablo.**

Subali't sa ebanghelyo, tila urong-sulong ang nangyari. Mula sa sumpa na tinanggap ni Amos, at sa susun-susong pagpapalang kinilala ni Pablo, ang ikatlong pagbasa ay nagbalik sa mga pasakit, sa mga pagsubok sa mga tagasunod at disipulo ni Kristo. Ang disipulo ay pinagtagubilinang huwag magdala ng anu-ano sa kanilang paglalakbay . . . wala anuman maliban sa tungkod . . . wala ni pagkain, o lukbutan, o salapi sa kanilang sinturon . . .

**Alin ba sa dalawa ang naghihintay sa isang tagasunod ng**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**Panginoon? Sumpa o pagpapala?**

Hindi na madali ang makatagpo ng "pagpapala" sa misyon ng isang tagasunod ng Panginoon. Marami sa kabataan ngayon ay halos wala nang pansin sa mga bagay na banal, at sa bagay na may kinalaman sa nakatataas na antas ng pamumuhay espiritwal. Noong ako ay bata pang pari, para bagang mas madali ang magturo ng relihiyon, o teolohiya sa kolehiyo. Noong panahong yaon, wala pang mga call center . . . wala pang mga programa sa telebisyon na nakapagpapababa ng antas ng pagkatao natin, at wala pang social media. Halos lahat ng mga panoorin ay kapupulutan ng magandang aral. At wala ang mga kabataang nakikitang mga palasak na halimbawang nagliligaw ng landas.

**Pagpapala, hindi sumpa, ang magturo ng relihiyon noong araw.** Subali't sa panahon natin ngayon, kay hirap magturo ng mga bagay espiritwal. Tila isang sumpa ang magwika tungkol sa pagpapahalagang espiritwal. Mahirap ang mangaral tungkol sa katapatan, yayamang halos lahat ng tao ay tila hindi na nagpapahalaga dito. Kay hirap ang mangaral tungkol sa pagwiwika ng totoo, yayamang halos lahat ng mga namumuno natin ay malinaw na masamang halimbawa ng kasinungalingan.

Sumpa, hindi pagpapala, ang naghihintay sa mga propeta ng panahon natin. Pagtanggi, hindi pagtanggap, ang siyang katotohanang naghihintay sa isang tapat na tagasunod ng Panginoon.

Kung sa gayon, anu baga ang magandang balita para sa ating lahat sa araw na ito? Ano ba ang pinanghahawakan nating mahalagang bagay ang maidudulot natin sa sinumang nagbabalak sumunod sa yapak ng Panginoon at ng kanyang mga disipulo?

O ang pagsunod ba sa Kanya ay talagang isang karanasan ng pagtanggi tulad ng naranasan ni Amos? Ang pagiging propeta ba kaya ay walang ilalayo sa kung ano ang sinapit ni Amos?

**Ang tugon ng Banal na Kasulatan ay iisa . . . pagpapala, hindi sumpa, ang hatid sa atin ng Panginoong Mapagligtas.** At ang lahat ay nakasalalay sa kung ano ang pagkaunawa natin sa "pagpapala."

**Para sa taong materialista, ang pagpapala ay bagay na nakikita, nahihipo, nabibilang, at naiipon**. Sa larangang ito, ang ebanghelyo ay malinaw . . . wala ni lukbutan, ni pagkain, ni salapi ang dapat pagukulan ng pansin ng isang disipulo. Hindi ito ang pagpapalang binibigyang diin ng Kasulatan.

**Mahalaga na maunawaan natin ngayon ang kahulugan ng pagpapala** . . . Ito ang pagpapalang hindi nabibilang, hindi naiimpok, at lalung hindi natin kailanman, mahahawakan tulad ng pagkapit ng isang tuko sa dingding. Ang pagpapalang binabanggit dito ay walang kinalaman sa material na bagay. Ito ay may kinalaman sa kakayahang bumabagtas sa makamundong kakayahan – ang kapangyarihang dulot ng Panginoon mismo. At ang kapangyarihang ito ay hindi katulad ng kapangyarihang makamundo na hawak ng mga matataas na tao sa daigdig. Hindi ito "honor" o dangal na pang-kasalukuyan lamang. Bagkus, ito ay isang "onus" – isang pasanin ng disipulo ng Panginoon.

At ang batayan ng lahat ng ito ay walang iba kundi ang katotohanang ang nakikita ng isang taong may pananampalataya ay bumabagtas sa bagay-bagay ngayon at dito sa lugar na ito . . . **Ang nakikita ng isang tagasunod na gumagamit ng mata ng pananampalataya ay isang hanay ng pagpapahalagang angat sa makamundong hanay ng pagpapahalaga.**

**Ito ang mabuting balitang tangan natin** . . . **Sa kabila ng tila susun-susong sumpa, nakatuon ang mata ng pananampalataya natin sa hanay ng mga pagpapalang di malirip** . . . **di mabilang** . . . **na kahit hindi man makita ngayon, ay alam natin na, bilang pangako ng Diyos, ay matutupad** . . . **pagdating ng panahon.**


## Mahalaga ba ang Salita ng Diyos sa iyong buhay?

Magkaroon ng kopya ng
*Word & Life Study Edition*
of *Pope Benedict's Apostolic Exhortation*

**VERBUM DOMINI**

Alamin kung paano mapaninibago
ng Salita ng Diyos
ang iyong buhay
at ang buhay ng Simbahan.




**Mabibili sa Word And Life Religious Bookstore**

**Mayroong mga Gabay sa Pag-aaral:**
*Subject Index, Methodological Suggestions, Introduction to Lectio Divina*, at maraming pang iba!